

# Paano sinubaybayan ang kaligtasan ng bakuna sa COVID-19



Pagkatapos ng klinikal na pagsusuri, pag-apruba at pamamahagi sa publiko (Yugto 1, 2 at 3), **ang mga dalubhasa sa kalusugan AY PATULOY NA MAGSUSUBAYBAY sa bakuna ng COVID-19** para sa kaligtasan at pagiging epektibo nito, katulad ng ginagawa sa ibang bakuna.

## Sino ang Kasali?

### ACIP (Advisory Committee on Immunization Practices)

- Ang mga dalubhasa sa medikal at pangkalusugang pampubliko na may kasanayan sa pagbabakuna. May mga miyembro mula sa American Academy of Pediatrics (AAP) at American Academy of Family Physicians (AAFP).
- Gumagawa ng nakatakdang pagbabakuna at tumutulong sa pagsusubaybay.

### VAERS (Vaccine Adverse Event Reporting System)

- Sistema sa pagkolekta at pag-ulat sa masamang epekto pagkatapos ng pagbabakuna.
- Kasama na ang ulat mula sa mga magulang, mga pasyente, mga propesyunal sa pangkalusugan.

### VSD & PRISM (Vaccine Safety Datalink) & (Post-Licensure Rapid Immunization Safety Monitoring)

- Dalawang sistema sa U.S. para sa pagsubaybay sa bakuna.
- Parehong nagtatalakay sa impormasyong pangkalusugan para sa milyon-milyong tao.

### CISA (Clinical Immunization Safety Assessment Project)

- Pagtutulungan sa pagitan ng CDC at 7 sentro sa pananaliksik.
- Kasama ang mga dalubhasa sa bakuna na nagsasagawa ng klinikal na pananaliksik at tumutulong sa tagahatid sa pangkalusugan ng U.S. sa kaligtasan ng bakuna para sa mga pasyente.

## Ano ang Proseso?



Ang ACIP ang bumubuo ng rekomendasyon kung paano gagamitin ang mga bakuna para makontrol ang mga sakit sa United States.



Lahat ng bakuna sa U.S. ay patuloy na sinusubaybayan para sa kaligtasan at pagiging epektibo nito sa pamamagitan ng iba't ibang mga ahensya at organisasyon.



Ang FDA at CDC ay bahagi ng proseso sa pagsusubaybay, na kilala bilang Yugto 4. Gagawin ito pagkatapos masimulang matanggap ng publiko ang bakuna.



Bahagi ng prosesong ito ang pagmamasid sa mga taong nakatanggap ng bakuna para sa masamang epekto at para matukoy ang anumang panganib na dulot nito.

Ang V-safe ay isang kagamitan sa smartphone na magagamit para mabigyang-babala ang CDC tungkol sa anumang masamang epekto pagkatapos matanggap ang bakuna sa COVID-19.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano ginawa, sinuri, at ipinamahagi ang bakuna, bumisita sa [vdh.virginia.gov/covid-19-vaccine](https://vdh.virginia.gov/covid-19-vaccine) o tumawag sa 877-ASK-VDH3.



**VDH** VIRGINIA  
DEPARTMENT  
OF HEALTH